



SALIG BANGSAMORO

ESPESYAL NA EDISYON: COVID-19 VACCINES

COMMUNITY BULLETIN | DECEMBER 18, 2020

Salig Bangsamoro

Ang Salig Bangsamoro ay ulat sa mga kumakalat na mga haka-haka at maling impormasyon patungkol sa COVID-19 sa Mindanao partikular sa BARMM. Ito ay hatid sainyo ng Rooted in Trust project ng Internews sa tulong ng USAID.

Anong sabi ng mga tao?



Sa espesyal na edisyon na ito, binigyan pansin namin ang ga usap-usapan tungkol sa bakuna laban sa COVID-19. Anu-ano nga ba ang dapat nating malaman tungkol sa bakuna para maiwasan ang mapaniwala sa maling impormasyon?

Hindi ligtas ang bakuna, may mga gamit ito na walang kinalaman sa COVID-19

Nilista namin ang ilan sa mga haka-haka na nag-uugat sa takot na ang COVID-19 vaccines umano ay hindi ligtas. May mga usapan na ang bakuna mismo ang magbibigay sa'yo ng sakit at ito ay magiging sapilitan sa susunod na taon. Meron din na nagsasabing delikado ito at bahagi ng plano ng kasamaan:

- "May plano na ang bakuna sa COVID-19 ay magiging sapilitan sa 2021 at sa isang libong katao na mababakunahan, sampu sa bakuna ay may halong sakit. Mararamdaman din nila ang side effects nito sa loob ng limang taon..." (Lalaki, 60+ edad)
- "Sa ngayon, delikado ang magpakabuna. Sa ibang bansa may mga namatay na dahil sa COVID-19 vaccine." (Lalaki, 26-35 edad)
- "Yung QR Code ang nagpapasigurado na mababakunahan ka. Luciferian Agenda 'yan at ibebenta nga kaluluwa mo sa masama." (Lalaki, 19-25 edad)

Nagbigay sa atin ng pag-asa ang mga sunud-sunod ng magagandang balita tungkol sa COVID-19 vaccines – parang isang liwanag sa dulo ng madilim na lagusan. Pero kasabay din nito ang mga pagdududa na sa katunayan ay hindi na bago. Noon pa man, hindi na talaga agad naniniwala ang mga tao sa bakuna. Maraming pwedeng dahilan. Isa na rito ay ang mabilis itong nagagawa kumpara sa mga ibang bakuna. At dahil bago sa atin ang COVID-19, nananatili pa rin ang kawalang katiyakan ng bakuna.

Ang madalas na tanong: Ligtas ba ang mga bakunang ito kahit minamadali? Mahalaga ang pagsusuri kung ligtas nga bang gamitin ang bakuna mula sa preclinical trials kung saan ang bakuna ay sinusubok muna sa mga hayop hanggang sa susunod na trials na isinusubok na sa tao. Hindi rito natatapos ang pagsusuri. Kapag ito ay naibakuna na sa mga high-risk na grupo, patuloy na susubaybayan kung ligtas ba ang bakuna hanggang sa magamit ito ng mas nakararami.

Dahil tayo ay nasa pandemya, pinabilis ang paggawa nito sa pamamagitan ng pagsanib o pagsabay ng mga phases sa trials. Pero hindi ito nangangahulugan na nakompromiso ang kaligtasan ng mga bakuna. May mga ilan na tumigil nang may nakita silang dapat ikabahala, pero agad ding itinuloy nang malaman na wala namang problemang medikal na kaugnay sa bakuna. Ang publiko ay makakasiguro na ang kaligtasan ng bakuna ang pangunahing prayoridad ng mga mananaliksik.

Heto ang mga dapat nating malaman tungkol sa bakuna:



Ano nga ba ang bakuna?

Ayon sa World Health Organization (WHO), ang bakuna ay masasabi na isang interbensyong medikal na sulit at pinaka nakakasagip ng marami. Ito ay isang biological na produkto na binibigay sa isang malusog na tao para maiwasan ang mga nakamamatay na sakit. Habang ang mga gamot ay papagalingin ka sa sakit, ang bakuna naman ay pinipigalan kang magkasakit.

Binabawasan ng bakuna ang tiyansa at panganib na makakuha ka ng sakit. Nakikipagtulungan ito sa iyong katawan para gumawa ng proteksyon laban sa inpeksyon at palakasin ang iyong immune system. Heto ay kadalasang iniiniksiyon (injection) pero may iba naman na pinapainom o ini-spray sa ilong.

ALAM MO BA


Napuksa ng bakuna ang ilan sa pinaka peligroso at nakakamatay na sa sakit sa ating kasaysayan? Sa katunayan, ang bakuna para sa smallpox na nagawa noong 1796 ang isa sa pinakamatagumpay. Dineklara ng WHO na natanggal na ang naturang sakit noong 1980. Sa ngayon, may mga bakuna na magagamit para labanan ang halos 20 na nakamamatay na sakit tulad ng polio, measles, mumps, diphtheria, tetanus, rabies, at iba pa. Ang mga bakunang ito ay nakakaligtas ng 3 milyong buhay kada taon.

Kapag ikaw ay nabakunahan, ganito ang ginagawa ng iyong immune system:

Maa-alerto ito na may pasalakay na germ (virus man o bacteria)



Maglalabas ito ng antibodies – armas para kalabanin ang sakit



Maa-alala nito ang sakit at alam na nito kung paano ito kalabanin. Kaya na nitong puksain bago ka man maapektuhan ng sakit.



Ano naman ang COVID-19 vaccine?

Ang bakuna para sa COVID-19 ay malaking tulong para ma-kontrol ang pandemya kasama pa rin ang mabisang testing at mga kasalukuyang hakbang para maiwasan ang virus. Tila may liwanag nga na naghihintay sa dulo ng madilim na lagusan. Ang may mga malalang sakit ay hindi pinapayuhan na magpabakuna. At para maprotektahan sila, aasa sila sa mga taong mababakunahan at sa ganoon, hindi sila mahahawa at mababawasan ang paglaganap ng sakit.

Nobyembre 16:

Inanunsyo ng Moderna na ang bakuna nila ay may 94.5% na efficacy base sa pangatlong phase ng clinical trials



Nobyembre 18: Inanunsyo ng Pfizer and Germany's BioNTech na ang kanilang bakuna ay may 95% efficacy, mas mataas kumpara sa 90% na lumabas sa unang pagsasaliksik. Sila ay nag-apply ng emergency use authorization (EUA) sa Food and Drug Administration (FDA) ng Amerika para magamit ito.

Nobyembre 23:

Inanunsyo ng AstraZeneca kasama ang University of Oxford na ang bakuna nito ay may humigit kumulang na 70.4% na nakakabawas na mahawaan ng virus base sa pananaliksik na nasa phase 3 trials na isinasagawa sa United Kingdom at Brazil.

Ligtas at epektibo ba ito?

Dumadaan sa matinding pagsusuri at mahabang proseso ang bakuna para masabi na ito ay ligtas at epektibo. Dito sa Pilipinas, ang Food and Drug Administration (FDA) natin ang siyang mag-aaral kung ligtas nga ba ang mga bakuna para sa COVID-19. Sa buong mundo, ang WHO ay nakikipag-ugnayan naman sa ilang independent technical groups para aralin ang kaligtasan ng mga bakuna bago at matapos dumaan ang mga ito sa mahigpit na clinical trials para mapakita na ito ay mabisa at epektibo.



Ano ang vaccine efficacy at vaccine effectiveness?

VACCINE EFFICACY

ito ay gamit para masukat kung gaano nga ba kabisa ang bakuna para maiwasan ang isang sakit tulad ng COVID-19 sa isang kontroladong research environments.

VACCINE EFFECTIVENESS

ito naman ay pinag-aaralan kung gaano nga ba kabisa ang bakuna para maiwasan ang isang sakit tulad ng COVID-19 sa "tunay or aktuwal na mundo" na kung saan ang mga tao ay namimili ng kanilang grocery, pumapasok sa trabaho at iskwela.

Kung ang bakuna ay may 95% na efficacy, halimbawa sa 100 na taong kasama sa trial na nabigyan ng bakuna, 95 sa kanila ay hindi na mahahawa ng COVID-19 at 10 naman ang mahahawa.

Kapag naman ang bakuna ay napamigay na sa mas maraming tao sa buong mundo, ang mga scientist ay maaari nang masukat ang effectiveness ng bakuna sa tunay na mundo. Mas maaasahan at tiyak ito para masabi na gaano nga ba nakakatulong ang bakuna sa pag-iwas sa sakit sa pang-araw-araw na buhay hindi lamang sa research setting.



Kailan ito puwedeng magamit?

Ang resulta mula sa mga clinical trials na isinagawa ng Pfizer-BioNTech at Moderna noong Nobyembre ay nakapagbigay indikasyon na maaaring magamit ang unang batch ng mga bakuna sa Enero hanggang Hunyo ng susunod na taon. Kasabay nito, maaari ring makasunod ang ibang vaccine company sa proseso ng pagsusuri kung magiging epektibo ang mga bakuna.

Ang unang mga bakuna na maaaring magamit ay tinatawag na two-dose vaccines, kung saan mayroong isang buwang palugit pagkatapos makuha ang bakuna bago makabuo ng pang-depensa ang ating mga katawan laban sa virus.

Inaasahang sa Hulyo hanggang Setyembre ng 2021 bago mabakunahan ang publiko. Heto ay maaari lamang maisakatuparan kung papayag ang publiko, kung ito ay maaaprubahan ng Food and Drug Administration, kung maipapamahagi ito ng local government units, at kung ang mga vaccine company ay makakagawa ng bakuna na kayang sabayan ang mataas nitong demand.



Abot-kaya ba ang presyo nito?

Para masiguro na pantay-pantay ang pamamahagi ng bakuna sa buong mundo, binuo ang COVID-19 Vaccine Global Access (COVAX)

Binuo ng COVAX para makontrol ang pagbili ng mas maraming bakuna kaysa sa kailangan. Sisiguruhin din ng COVAX na ang mga bansa sa mundo ay uunahing bakunahan ang mga tinatawag na high-risk persons kagaya ng mga matatanda, health workers, atbp.

Imunumungkahi ng COVAX na lahat ng bansang kalahok, kasama na ang Pilipinas, na magkaroon ng pantay na access sa COVID-19 sa oras na mapatunayan ang efficacy at effectiveness nito.

Ang plano ay makapagbigay ng dalawang bilyong dose ng bakuna sa katapusan ng susunod na taon (2021). Inaasahan na ito ay magiging sapat upang maprotektahan ang mga high-risk at vulnerable persons.

Ang mga mayayamang bansa na kabilang sa COVAX ay ang magbabayad sa mga bakuna at makikipag-partner sa 92 na mas mahihirap na bansa upang sumuporta at mag-donate ng bakuna.

COVAX ay binubuo ng tatlong organisasyon: GAVI the Vaccine Alliance, ang Coalition for Epidemic Preparedness Innovations (CEPI), at ang World Health Organization (WHO). Layunin ng COVAX na tugunan ang mga katanungan ukol sa vaccine access sa buong mundo.

How some of the Covid-19 vaccines compare

Company	Type	Doses	How effective*	Storage	Cost per dose
Oxford Uni-AstraZeneca	Viral vector (genetically modified virus)	x2	62-90%	Regular fridge temperature	£3 (\$4)
Moderna	RNA (part of virus genetic code)	x2	95%	-20C up to 6 months	£25 (\$33)
Pfizer-BioNTech	RNA	x2	95%	-70C	£15 (\$20)
Gamaleya (Sputnik V)	Viral vector	x2	92%	Regular fridge temperature (in dry form)	£7.50 (\$10)

*preliminary phase three results, not yet peer-reviewed

Source: Respective companies, WHO



Sa ngayon, mayroon 76 upper middle-income at high-income na mga bansa na kabilang sa kasunduang ito.

Para sa mga lower income na bansa na hindi makakabili ng bakuna at para sa mga mayayamang bansa na walang napirmahang kasunduan sa pagitan ng mga vaccine manufacturers, COVAX ang magsisilbing daan para makakuha sila ng COVID-19 vaccine.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring bisitahin ang mga sumusunod:



SINDAW RANAW
The Coalition of Moro Youth Movement
FB: [CMYM Online News](#)



S'BANG KA MARAWI
FB live: Monday to Friday
6:30 – 7:30 PM



SALIG BANGSARADIO
[Soundcloud](#)
[Spotify](#)



www.internews.org



covid-19@internews.org



facebook.com/Internews.HJN



COVID-19 vaccine: Nasaan na ang Pilipinas?

Ang Pilipinas ay kasalukuyang nakikipag-usap sa iba't ibang vaccine company para masiguro na magkakaroon ng 50-60 milyong dose ng COVID-19 vaccine sa Enero hanggang Marso ng 2021. Ang gobyerno ay nakikipag-ugnayan sa Sinovac Biotech ng China at sa Gamelaya Research Institute ng Russia para ito ay makamit.

Mas mataas ang tiyansa na maabot ang target nating 50-60 milyong dose sa Enero hanggang Marso ng 2021 kung mas maraming vaccine company ang ating kakausapin. 2.6 milyong dose ng COVID-19 vaccine mula sa AstraZeneca ng United Kingdom ang nauna nang nakuha ng gobyerno kasama ang pribadong sektor. Ito ay inaasahang dumating sa Pilipinas sa Mayo o Hunyo ng 2021. Kalahati nito ay mapupunta sa gobyerno, samantalang ang kalahati naman ay gagamitin ng pribadong sektor.

ANO ANG NASA ASTRAZENECA?


Ang AstraZeneca ay mayroon pinahinang uri ng common cold virus that na nakakahawa sa mga chimpanzees pero hindi nagdudulot ng sakit sa mga tao. Ang mga scientists ay nagdagdag ng genetic code para sa spike protein mula sa coronavirus. Kapag babasahin nang cells sa loob ng katawan ang DNA, i-rereplicate nila itong mga spike proteins para makapagpalabas ng immune response ang ating katawan. Dahil mababa lamang ang load ng virus na kukunin, hindi ito magdudulot ng impeksyon o sakit sa mga tao.

BAKIT ASTRAZENECA?

- ✓ Mapoprotektahan ang lahat ng edad
- ✓ Heat tolerant
- ✓ Mababa ang presyo
- ✓ Madaling ma-integrate sa ating health system

Layon ng gobyerno na mabakunahan ang 60-70% ng populasyon ng Pilipinas upang makamit ang tinatawag na herd immunity kung saan sapat na bilang ng mga tao ang mapoprotektahan laban sa COVID-19. Prayoridad na maunang mabakunahan ang front liners, mga matatanda, mahihirap na Filipino, at ang mga sundalo at pulis.

The National COVID-19 Vaccine Roadmap



COVID-19 Vaccine: Frequently Asked Questions

1. Makakakuha ba ako ng COVID-19 sa pamamagitan ng pagpapabakuna?

Wala sa mga binubuong bakuna sa kasalukuyan ang gumagamit ng live virus na maaaring magdulot ng COVID-19. Ang layunin ng bakuna ay turuan ang ating mga katawan na makilala at labanan ang mga virus kagaya ng COVID-19. May ilang mga pagkakataon na ang prosesong ito ay magdudulot ng ilang mga sintomas kagaya ng lagnat, sipon, atbp. na normal na nararanasan at indikasyon lamang ng paghahanda ng ating mga katawan. [Facts about COVID-19 Vaccines \(cdc.gov\)](https://www.cdc.gov/COVID-19/about/vaccines/).

2. Magiging positibo ba ang resulta ng COVID-19 test kapag ako ay nabakunahan?

Ang pagpapabakuna ay hindi magreresulta sa isang positive result sa COVID-19 viral test. Ang mga test para sa COVID-19 ay ginagamit upang masukat kung ang isang tao ay may kasalukuyang impeksyon. Kung sakali man, maaaring maging positibo ang mga rapid antibody tests dahil ang mga bakuna ay dinisenyo upang maglabas ng anti-bodies para labanan ang impeksyon. [Facts about COVID-19 Vaccines \(cdc.gov\)](https://www.cdc.gov/COVID-19/about/vaccines/).

3. Kapag ba tayo ay may bakuna na, ang karamihan ay magiging immune sa pamamagitan ng herd immunity at tuluyan nang mapupuksa ang COVID-19?

Hindi. Sa unang phase ng implementasyon, limitado lamang ang magiging supply ng mga bakuna. Kaya naman ang herd immunity ay dahan-dahan ding mabubuo. Ang pagbabalik normal ng sitwasyon ay magiging isang mahabang proseso at hindi mangyayari sa isang magdamag.

4. Mapoprotektahan ba ako ng ibang bakuna (flu vaccine) laban sa COVID-19?

Sa kasalukuyan, walang ebidensya na may ibang bakuna ang makakabigay proteksyon laban sa COVID-19. [Coronavirus disease \(COVID-19\): Vaccines \(who.int\)](https://www.who.int/news-room/qa-detail/coronavirus-disease-covid-19-vaccines).

5. Kapag ako ay nabakunahan laban sa COVID-19, kailangan ko pa rin bang magsuot ng mask at mag-practice ng physical distancing?

Oo, dahil hindi kaagad mababakunahan lahat sa madaling panahon. Patuloy lamang sa pagsasagawa ng minimum public health safety standards hangga't walang patunay na epektibo at mabisa ang bakuna [COVID-19 Vaccine: What You Need to Know | Johns Hopkins Medicine](https://www.hopkinsmedicine.org/health/conditions-and-diseases/covid-19-vaccine-what-you-need-to-know)



We welcome your feedback, questions, and suggestions to help local media produce reliable and accurate reporting on COVID-19. Please contact: **Kia Obang, Data Analyst** (kobang@internews.org) or **Paola Mikaela Alpay, Information Manager** (palpay@internews.org)